Mag-click dito upang MAGSIMULA o I-CLEAR, pagkatapos ay pindutin ang button na TAB

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF LICENSING

# DUI (Driving Under the Influence, Pagmamaneho Nang Nasa Impluwensya)

Ito ang abiso sa iyo na layuning suspindihin, bawiin, o tanggihan ng Department of Licensing (DOL) ang iyong lisensya, permit, o pribilehiyong magmaneho. May karapatan kang humiling ng pormal na pagdinig para tutulan ang pagsuspindi o pagbawi ng iyong pribilehiyo sa pagmamaneho. Isasagawa ang pagdinig ayon sa Kabanata 308-101 ng WAC (Washington Administrative Code, Pang-administratibong Kodigo ng Washington). Para sa mga isyung sinasaklaw sa pagdinig, sumangguni sa RCW (Revised Code of Washington, Nirebisang Kodigo ng Washington) 46.20.308.

Isang hindi nare-refund na bayaring $375 ang dapat kasama sa iyong kahilingan, maliban na lang kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong (tingnan ang Mga Kahilingan sa Pinansyal na Tulong sa ibaba). **Ang iyong kahilingan ay dapat ma-postmark sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng paghuli, o sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagbibigay ng abiso.** Kung hindi naisumite ang iyong kahilingan sa yugto ng panahong ito, na-waive mo na ang iyong karapatan para sa isang pagdinig.

Ipadala ang nakumpletong form na ito kasama ng isang tseke o money order na nakapangalan sa Department of Licensing sa:

Administrative Law Office
**Department of Licensing**
PO Box 9048
Olympia, WA 98507-9048

Kung mayroon kang lisensya ng pagmamaneho sa Estado ng Washington at isang valid na MasterCard, Visa, o American Express na credit card, puwede kang mag-apply para sa isang pagdinig online. Bisitahin ang aming website sa dol.wa.gov para sa higit pang impormasyon.

**Mga Kahilingan sa Pinansyal na Tulong** – Kung nag-a-apply ka para sa pinansyal na tulong (tinutukoy sa RCW 10.101.010) at kung gusto mong ma-waive ang bayarin sa pagdinig, gamitin ang Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Application) na available sa aming website sa dol.wa.gov.

**Ipapadala ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa address na nasa file ng DOL.** Para i-update ang iyong address, bisitahin kami online sa dol.wa.gov o pumunta sa iyong lokal na Tanggapan ng Lisensya sa Pagmamaneho (Driver Licensing Office).

| **I-PRINT o I-TYPE** Pangalan *(Apelyido, Pangalan, Gitnang Pangalan)* | | Petsa ng kapanganakan | 10 digit na numero ng telepono | |
|---|---|---|---|---|
| Mag-email para magpadala kami ng imbitasyon sa meeting para sa iyong pagdinig | | Numero ng lisensya sa pagmamaneho | Estado | Petsa ng pag-aresto |
| Pangalan ng abugado, kung naaangkop (**Huwag ilista ang pampublikong tagapagtanggol**) | | | | |
| Address ng abugado *(Address, Lungsod, Estado, ZIP code)* | | | | |
| 10 digit na numero ng telepono ng abugado | 10 digit na numero ng fax ng abugado | | Email ng abugado | |

Kung hindi nagsasalita ng Ingles ang mga panig o saksi, magtatalaga sa iyo ng libreng kwalipikadong interpreter. Kumpletuhin ang sumusunod na impormasyon kung kailangan mo ng interpreter.

| Humiling ng interpreter | Pangunahing wika | Diyalekto |
|---|---|---|
| ☐ Kailangan ko ng interpreter ☐ May problema ako sa pandinig | | |

Ang anumang valid na lisensyang mayroon ka ay valid sa loob lang ng 30 araw mula sa petsa ng pag-arestong ito, petsa ng pag-expire na nakasaad sa lisensya, o hanggang ipatupad ang pagkilos ng Departamento sa isang pagdinig, alinman ang mauna.

Iminumungkahi naming tingnan mo ang status ng iyong pribilehiyo sa pagmamaneho bago ka magmaneho. Tumawag sa Grupo sa Pang-administratibong Batas (Administrative Law Office) sa (360) 664-1444 para alamin ang status o humingi ng tulong sa wika.

For language assistance call the phone number above.
Para ayuda con el idioma, llame al número de teléfono anterior.
Для получения услуг переводчика звоните по указанному выше номеру телефона.
Để được hỗ trợ về ngôn ngữ, hãy gọi đến số điện thoại trên.
如需語言協助，請致電上方的電話號碼。
언어 지원이 필요하시면, 위에 있는 전화번호로 전화하여 주십시오.
Para sa tulong sa wika, tumawag sa numero ng telepono sa itaas.

Awtoridad: RCW 46.20.308